REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-34

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN ANG KASUNDUAN SA PAGBILI SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PAMAMAGITAN NG PUNONGBAYAN, MGGL. IGNACIO R. BUNYE AT G. ANANIAS ARCIAGA, MAY-ARI NG ISANG LAGAY NA LUPA NA PAGLALAGYAN NG PAMPUBLIKONG LIBINGAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, kinikilala ng Sangguniang Bayan ang mahigpit na pangangailangan ng mga mamamayan sa isang pampublikong libingan sa Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ay wala tayong Pambayang Libingan;

SAPAGKAT, sa isang lumalaking pamayanan tulad ng Bayan ng Muntinlupa ay nararapat na magkaroon ng pampublikong libingan para sa kaluwagan at kaginhawahan lalo na sa ating mahihirap na mga mamamayan;

SAPAGKAT, tungkulin ng Pamahalaang Bayan na magkaloob ng maayos na paglalagakan ng ating mga kababayang sumakabilang buhay;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang kasunduan sa pagbili sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng Punongbayan, Mggl. Ignacio R. Bunye at G. Ananias Arciaga, may-ari ng isang lagay na lupa na paglalagyan ng Pampublikong Libingan ng Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY , ng mas nakararaming kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang natatanging pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Disyembre, 1992 sa Silid Pulungan ng People's Center.

PINATOTOHANAN :

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pangulong Opisyal

MGA SUMANG-AYON:

KGG. ROGER C. SMITH
KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. ARTURO S. BUNYI
KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. LUCIO B.CONSTANTINO
KGG. REY E. BULAY

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. MOLASCO L. DIAZ
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.

HINDI SUMANG-AYON :

W A L A

HINDI LUMAHOK :

KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. VICENTE YU CHUA

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan